# Pagtatrabaho ng Mga Taong May Kapansanan

Ang mga kapansanan ay hindi kailangang limitahan ang pagsisikap na magtagumpay sa trabaho. Ang pag-uunawa kung paano mapapamahalaan ang bagong injury habang nagtatrabaho-kung naghahanap man ng trabaho at naghahanap ng mga akomodasyon o sa pagpoprotekta ng health insurance-ay makakatulong sa mga taong may kapansanan na mapatatag ang kanilang pagtatrabaho.



## Tanong: Gusto kong magkatrabaho. Saan ako dapat magsimula?

Ang Christopher & Dana Reeve Foundation ay kamakailan naglathala ng "Employment for People with Disabilities" isang komprehensibong gabay sa paghahanap o pagbabalik sa trabaho makalipas na mapinsala. Mag-download ng kopya mula sa aming website o tumawag sa aming Information Specialist para makapagpadala sa iyo ng booklet. Kasama ng malalim na

pagpapaliwanag sa mga paksa na mula sa epekto ng pagtatrabaho sa Supplemental Security Income hanggang sa assistive technology para suportahan ang mga kahirapang may kaugnayan sa trabaho, ang booklet ay mayroon rin payo kung paano mahaharap ang mga interview at paano magamit ang mga kakaibang kalakasan na dulot ng pagkakaroon ng kapansanan. Gamitin ang booklet para makatulong na matiyak ang mga layunin, kilalanin ang anumang mga kakulangan sa edukasyon o training, at planuhin ang gagawin para sa isang matagumpay na paghahanap ng trabaho.

## TANONG: May mga program ba o serbisyo na makakatulong sa akin na malaman kung saan ako interesado at makakapagbigay sa akinng training?

Simulan sa pagtawag sa iyong lokal na vocational rehabilitation agency. Napondohan ng U.S. Department of Education at matatagpuan sa bawat estado, ang vocational rehabilitation programa ay naghahandog sa mga taong may kapansanan ng iba't ibang mga serbisyong may kinalaman sa trabaho, kasama na ang career counsling, on-the-job training, edukasyon at pagtatalaga ng trabaho. Dagdag pa dito, ang Ticket to Work and Plan to Achieve Self-Support (PASS) ay pederal na work-incenstive programs na makakatulong sa mga indibiduwal na gustong makiisang mag-develop ng plano para gawin ito. Ang Ticket to Work, na nilikha noong 1999, ito ay nagkakaloob ng libreng vocational na rehabilitation at mga serbisyo ng suporta sa mga indibiduwal na nakakatanggap ng Social Security Disability Insurance at Supplemental Security Income (SSI). Pumipili ang mga kalahok ng mga lokal na provider tulad ng mga non-profit na organisasyon o Independent Living Center para makatulong sa kainlang matamo ang mga target na pakay sa trabaho, sa pagsisimula man ng trabaho o paghahanap ng isang part-time na trabaho. Ang ilang mga halimbawa ng serbisyo ng suporta na makukuha gamit ang Ticket to Work ay ang career counseling, interview coaching, job shadowing, tulong sa tuition at transportation. Ang mga sumasali sa programa ng PASS ay maaaring makapagtabi ng kita sa SSI para matamo ang isang tiniyak na layunin sa trabaho; di tulad ng regular na mga tuntunin sa kita ng SSI , ang kitang itinatabi para sa mga layunin na may kaugnayan sa PASS ay hindi magbabawas sa mga benepisyo sa SSI. Maaaring gamitin din ang programa para bumili ng mga supply para makapagsimula ng negosyo o pambayad sa karagdagang edukasyon o training.

## Tanong: Nais kong bumalik sa trabaho ko dati bago ako naparalisa. Paano ako dapat magpatuloy?

Maglaan ng panahon para isipin nang mabuti ang iyong mga opsyon pagkatapos mapinsala. Huwag kaagad mag-resign sa trabaho o isipin na ang pagkakaroon ng kapansanan ay may di malulutas na mga haharaping problema. Sa lalong madaling panahon, makipag-ugnayan sa opisina ng kompanya ng human resources para matiyak ang pagiging karapat-dapat para sa short-term disability o long-term disability. (Maaaring kuwalipikado ang mga tagapag-alaga (caregiver) para sa Family and Medical Leave Act, na pinapahintulutan ang mga eligible na empleyado ng mga covered na employer na kumuha ng walang bayad, protektado ng trabaho na leave para sa tinukoy na pamilya at mga medikal na dahilan ng hindi mawawalan ng coverage sa

health insurance.) Sa sandaling ang rehabilitation at recovery ay naisagawa na, kailangang pag-aralan ng mabuti ng indibiduwal kung ang pagbalik sa dating trabaho ay posible na may makatuwirang mga akomodasyon. Ang Job Accommodation Network (JAN), na nasa West Virginia University at pinopondohan ng U.S. Department of Labor, ay isang libre, kompidensyal at mahalagang mapagkukuhanan ng impormasyon sa parehong mga empleyado namay kapansanan at ang mga employer nito. Kung saan ang staff ay available lamang sa telepono, text at email, at isang mahahanapan na database (inayos ayon sa kapansanan at akomodasyon), makakatulong ang JAN na kilalanin ang mga solusyon na makakapagpahintulot sa iyong magpatuloy sa pagtatrabaho pagkatapos mapinsala. Kung di sapat ang mga akomodasyon para makabalik sa parehong trabaho, ikonsidera kung ang skills mo ay malilipat sa ibang tungkulin sa kompanya; isang roofer na nagkaroon ng spinal cord inury at hindi pisikal na makakabalik sa dating trabahong iyon ngunit maaaring gamitin ang kaniyang kaalaman sa larangang iyon, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga estimate para sa mga kostumer gamit ang isang drone.

## TANONG: Nag-aalala ako na dahil sa pagtatrabaho ko ay mawawalan ako ng health insurance at personal care coverage. Paano ko malalaman ng maaga ang epekto nito?

Ang access sa pederal na insurance na pangkalusugan at mga bayad sa pagkakaroon ng kapansanan ay maaaring maging isang kritikal na safety net para sa mga taong nagkaroon ng mga spinal cord injury o namumuhay ng may iba pang mga kapansanan. Ang takot na maging di karapat-dapat para sa mga benepisyong ito - kasama na ang walang katiyakan ng maaaring maging epekto ng kapansanan sa pagkuha ng trabaho - ay magiging isang hadlang sa paghahanap ng trabaho. Ang vocational rehabilitation counselor at mga provider na kapartner ng Ticket to Work at PASS ay makakatulong na matasa ang epekto ng trabaho sa mga benepisyo. Ang Reeve Foundation ay naghahandog rin ng access sa mga pre-employment benefits analyst na makakatulong malaman kung ang pag-aalis ng mga disability benefit para tanggapin ang isang trabaho ay isang opsyon na ayon sa iyong partikular na situwasyon. Tumawag sa aming Information Specialist para sa karagdagang impormasyon.

## Tanong: Wala akong college degree at ang antas ng paralysis ko ay humahadlang sa akin na gumawa ng anumang pisikal na trabaho. Maaari ba akong makuha sa trabaho?

Oo. Ang vocation rehabilitation services at federal work-incentive programs tulad ng Ticket to Work at PASS ay makakatulong sa mga taong may kapansanan na magkaroon ng access sa edukasyon o training para suportahan ang bagong trabaho. Dagdag pa dito, ang tiyak sa estado at pederal na awtoridad sa pagkuha sa trabaho ay nag-alok ng pinabilis at non-competitive na proseso sa pagkuha sa trabaho para sa mga taong may kapansanan. Habang kailangan sa ibang mga trabaho ang college degree, maraming hindi. Ang mga pederal na trabaho sa GS-2 level ay available doon sa may mga high school diploma at mga clerical at assistant na posisyon sa

trabaho na kailangan lang ang tatlong buwan ng karanasan sa trabaho. Makipag-ugnayan sa iyong local na vocational rehabilitation agency para makita kung paano at saan mag-apply para sa mga trabaho sa estado o bumisita sa USAJOBS.gov para mahanap ang mga nakalistang trabaho at lubos pang matutunan ang tungkol sa awtoridad sa pagkuha sa trabaho ng Schedule A.

## Tanong: Hindi ko gustong magtrabaho pero gusto kong maging busy pa rin. Ano ang mga opsyon na dapat kong ikonsidera?

Ang pagboboluntaryo ay isang kilos ng kagandahang loob na nagbibigay benepisyo doon sa mga nagbibigay at iyong mga tumatanggap. Para sa mga may kapansanan, ang pamamahagi ng kanilang skills at talent sa mundo ay hindi lamang makakatulong na hindi mainip, pero maiiwasan rin ang pakiramdam na nag-iisa at depression. Pag-isipan ng husto ang mga posibleng aktibidad sa pamamagitan ng pag-iisip kung ano ang gusto mong gawin dati, bago ka mapinsala. Kung ikaw ay mahilig sa soccer, ang pag-coach sa youth team ay maaaring makapagdudulot ng kasiyahan sa iyo. Kung mahilig kang magbasa, ikonsidera ang pag-rekord ng mga libro at balita para sa mga organisasyon na naglilingkod sa mga may kahirapan sa paningin. Tawagan ang iyong lokal na food pantry at tingnan kung kailangan nila ng mga server para sa mga pagkain o kahit isang tagabati ng mga kliyente sa pagpasok. Suportahan ang mga indibiduwal na kamakailan lang nagkaroon ng spinal cord injury sa pamamagitan ng pagboboluntaryo sa iyong lokal na rehab center o pagiging isang peer mentor sa Reeve Foundation (www.ChristopherReeve.org/peer).

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: Christopher & Dana Reeve Foundation, “Employment for People with Disabilities (Pagtatrabaho ng Mga Taong May Kapansanan),” Council of State Administrators of Vocational Rehabilitation, Social Security Administration, Family and Medical Leave Act, Job Accommodation Network, USAJOBS.

**Gusto mong may makausap?**
Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na $8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.